Congressional Record

PLENARY PROCEEDINGS OF THE 17th CONGRESS, SECOND REGULAR SESSION

House of Representatives

Vol. 4 **Monday, February 12, 2018** *No. 61*

CALL TO ORDER

At 4:00 p.m., Deputy Speaker Ferdinand L. Hernandez called the session to order.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The session is now called to order.

NATIONAL ANTHEM

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Everybody is requested to rise for the singing of the National Anthem.

Everybody rose to sing the Philippine National Anthem.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Please remain standing for the Invocation to be led by our former President, Rep. Gloria Macapagal-Arroyo, of the Second District of Pampanga.

Everybody remained standing for the Invocation.

INVOCATION

REP. MACAPAGAL-ARROYO. Heavenly Father, through the hands of Mary, we give You out of love our session today in union with Jesus' sacrifice on the altar. Amen.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

ROLL CALL

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, good afternoon. I move that we call the roll.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General will please call the roll.

*The Secretary General called the roll, and the result is reflected in Journal No. 61, dated February 12, 2018.**

THE SECRETARY GENERAL. The Speaker is present.

Mr. Speaker, the roll call shows that 213 Members responded to the call.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). With 213 Members present, the Chair declares the presence of a quorum.

The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, considering that copies of the Journal of the previous session had been distributed to the Members, I move that we dispense with the reading of the Journal. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

APPROVAL OF THE JOURNAL

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we approve Journal No. 60 dated February 7, 2018.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we proceed to the Reference of Business.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

* See ANNEX (printed separately)

REFERENCE OF BUSINESS

The Secretary General read the following House Resolutions on First Reading, Messages from the Senate, Communications and Committee Report, and the Deputy Speaker made the corresponding references:

RESOLUTIONS

House Resolution No. 1649, entitled:
"RESOLUTION STRONGLY URGING THE DEPARTMENT OF TRANSPORTATION AND THE MANILA INTERNATIONAL AIRPORT AUTHORITY TO PRESENT A RATIONALIZATION PROGRAM OF THE NINOY AQUINO INTERNATIONAL AIRPORT TERMINALS TO ENSURE A SAFE, EFFICIENT, AND COMFORTABLE PASSENGER EXPERIENCE"
By Representative Sarmiento (C.)
TO THE COMMITTEE ON RULES

House Resolution No. 1650, entitled:
"RESOLUTION COMMENDING CONGRESSMAN MICHAEL 'MIKEE' E. ROMERO, PH.D., FOR EARNING THE MOST VALUABLE PLAYER (MVP) AWARD IN THE RECENTLY-HELD ALL ASIA CUP 2018 AND THE ENTIRE PHILIPPINE POLO TEAM FOR BEING AWARDED THE SILVER MEDAL IN THE SAME COMPETITION IN BANGKOK, THAILAND LAST JANUARY 27, 2018"
By Representative Belaro
TO THE COMMITTEE ON RULES

House Resolution No. 1651, entitled:
"A RESOLUTION URGING THE PROPER COMMITTEE OF THE HOUSE OF REPRESENTATIVES TO CONDUCT AN INQUIRY AND/OR INVESTIGATION IN AID OF LEGISLATION ON THE IMPLEMENTATION OF INITIAL COIN OFFERINGS (ICO), FOR THE PURPOSE OF PROVIDING PROPER REGULATORY PROCEDURES, AND PROTECTING THE RIGHTS OF THE INVESTORS"
By Representative Romero
TO THE COMMITTEE ON RULES

House Resolution No. 1652, entitled:
"A RESOLUTION FOR CONGRESS, THROUGH THE COMMITTEE ON OVERSEAS WORKERS AFFAIRS, TO CONDUCT AN INVESTIGATION IN AID OF LEGISLATION ON THE CONTINUED PRACTICE BY FOREIGN PRINCIPALS OF WITHHOLDING THE PASSPORTS OF OVERSEAS FILIPINO WORKERS"
By Representative Manalo
TO THE COMMITTEE ON RULES

House Resolution No. 1653, entitled:
"RESOLUTION CALLING FOR AN IMMEDIATE INVESTIGATION, IN AID OF LEGISLATION, ON THE ALLEGED ANOMALOUS AND INAPPROPRIATE USE OF SENIOR CITIZENS' PHILHEALTH INSURANCE FUNDS ON CRUDE EYE OPERATIONS PERFORMED ON GROUPS OF SENIOR CITIZENS THAT RESULTED IN THE BLINDNESS AND/OR DETERIORATING EYESIGHTS OF THESE SENIOR CITIZENS, AND TO DETERMINE THE ACCOUNTABILITY OF ERRING PUBLIC OFFICIALS AND PRIVATE INDIVIDUALS, INCLUDING THE ERRING PHILHEALTH OFFICIALS OF THE PREVIOUS AND PRESENT ADMINISTRATION"
By Representative Datol
TO THE COMMITTEE ON RULES

House Resolution No. 1654, entitled:
"RESOLUTION URGING THE DEPARTMENT OF ENERGY AND OTHER CONCERNED AGENCIES TO STUDY THE REVIVAL OF THE PUBLIC TRANSPORT ASSISTANCE PROGRAM-PANTAWID PASADA"
By Representatives Sarmiento (C.) and Del Mar
TO THE COMMITTEE ON RULES

MESSAGES FROM THE SENATE

Message dated February 5, 2018, informing the House of Representatives that the Senate on even date passed Senate Bill No. 1279, entitled:
"AN ACT ESTABLISHING A COMPREHENSIVE NATIONAL FEEDING PROGRAM TO COMBAT HUNGER AND UNDERNUTRITION AMONG FILIPINO CHILDREN, AND FOR OTHER PURPOSES"
in which it requests the concurrence of the House of Representatives.
TO THE COMMITTEE ON RULES

Message dated February 5, 2018, informing the House of Representatives that the Senate on even date passed Senate Bill No. 192, entitled:
"AN ACT MANDATING THE PHILIPPINE OVERSEAS EMPLOYMENT ADMINISTRATION (POEA) TO

DEVELOP, PUBLISH, DISSEMINATE AND UPDATE A HANDBOOK ON THE RIGHTS AND RESPONSIBILITIES OF MIGRANT WORKERS, AMENDING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 8042, OTHERWISE KNOWN AS THE 'MIGRANT WORKERS AND OVERSEAS FILIPINOS ACT OF 1995,' AS AMENDED BY REPUBLIC ACT NO. 10022"

in which it requests the concurrence of the House of Representatives.

TO THE COMMITTEE ON OVERSEAS WORKERS AFFAIRS

Message dated February 5, 2018, informing the House of Representatives that the Senate on even date passed Senate Bill No. 1270, entitled:

"AN ACT DECLARING THE LAST MONDAY OF JANUARY EVERY YEAR AS A SPECIAL WORKING HOLIDAY IN OBSERVANCE OF NATIONAL BIBLE DAY"

in which it requests the concurrence of the House of Representatives.

TO THE COMMITTEE ON REVISION OF LAWS

Message dated February 5, 2018, informing the House of Representatives that the Senate on even date passed Senate Bill No. 1531, entitled:

"AN ACT INSTITUTIONALIZING ENERGY EFFICIENCY AND CONSERVATION, ENHANCING THE EFFICIENT USE OF ENERGY, GRANTING INCENTIVES TO ENERGY EFFICIENCY AND CONSERVATION PROJECTS, AND FOR OTHER PURPOSES"

in which it requests the concurrence of the House of Representatives.

TO THE COMMITTEE ON ENERGY

Message dated February 5, 2018, informing the House of Representatives that the Senate on even date passed Senate Bill No. 1623, entitled:

"AN ACT REDUCING THE CAP OF RECOVERABLE SYSTEM LOSS RATE AND FOR OTHER PURPOSES"

in which it requests the concurrence of the House of Representatives.

TO THE COMMITTEE ON ENERGY

Message dated February 7, 2018, informing the House of Representatives that on February 6, 2018, the Senate designated Senators Francis 'Chiz' G. Escudero, Joseph Victor G. Ejercito and Paolo Benigno 'Bam' Aquino IV as conferees to the Bicameral Conference Committee on the conflicting provisions of Senate Bill No. 1103, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES (PUP)-SABLAYAN CAMPUS IN THE MUNICIPALITY OF SABLAYAN, OCCIDENTAL MINDORO TO BE KNOWN AS 'PUP - SABLAYAN CAMPUS' APPROPRIATING FUNDS THEREOF AND FOR OTHER PURPOSES"

and House Bill No. 6915, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING A BRANCH OF THE POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES IN THE MUNICIPALITY OF SABLAYAN, PROVINCE OF OCCIDENTAL MINDORO, TO BE KNOWN AS THE POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES (PUP)-SABLAYAN BRANCH, AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

TO THE COMMITTEE ON RULES

COMMUNICATIONS

Report of Atty. Cesar Strait Pareja, Secretary General, House of Representatives, on enrolled bills, submitted to the Office of the President, for His Excellency's consideration and signature, pursuant to the provision of Rule VI, Section 18, Par. (h) of the Rules of the House of Representatives:

1. House Bill No. 400, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING A NATIONAL HIGH SCHOOL IN BARANGAY PASONG TAMO, QUEZON CITY, METRO MANILA TO BE KNOWN AS EMILIO JACINTO NATIONAL HIGH SCHOOL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR";

2. House Bill No. 2506, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING A NATIONAL HIGH SCHOOL IN BARANGAY PASO DE BLAS, VALENZUELA CITY TO BE KNOWN AS PASO DE BLAS NATIONAL HIGH SCHOOL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR";

3. House Bill No. 4524, entitled:

"AN ACT CONVERTING THE SAN RAFAEL NATIONAL HIGH SCHOOL IN THE CITY OF NAVOTAS INTO A NATIONAL TECHNICAL-VOCATIONAL HIGH SCHOOL TO BE KNOWN AS SAN RAFAEL TECHNOLOGICAL AND VOCATIONAL HIGH SCHOOL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR";

4. House Bill No. 5176, entitled:

"AN ACT RENEWING FOR ANOTHER TWENTY-FIVE (25) YEARS THE FRANCHISE GRANTED TO SARRAGA INTEGRATED AND MANAGEMENT

CORPORATION UNDER REPUBLIC ACT NO. 7478, ENTITLED 'AN ACT GRANTING THE SARRAGA INTEGRATED AND MANAGEMENT CORPORATION A FRANCHISE TO CONSTRUCT, INSTALL, OPERATE AND MAINTAIN FOR COMMERCIAL PURPOSES RADIO AND TELEVISION BROADCASTING STATIONS IN THE PHILIPPINES, AND FOR OTHER PURPOSES' ";

5. House Bill No. 5755, entitled:

"AN ACT SEPARATING THE PARAÑAQUE NATIONAL HIGH SCHOOL – DON BOSCO EXTENSION IN BARANGAY DON BOSCO, PARAÑAQUE CITY, FROM THE PARAÑAQUE NATIONAL HIGH SCHOOL, CONVERTING IT INTO AN INDEPENDENT NATIONAL HIGH SCHOOL TO BE KNOWN AS DON BOSCO NATIONAL HIGH SCHOOL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR";

6. House Bill No. 5803, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING A NATIONAL HIGH SCHOOL IN BARANGAY MANLILISID, MUNICIPALITY OF JAVIER, PROVINCE OF LEYTE TO BE KNOWN AS MANLILISID NATIONAL HIGH SCHOOL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR";

7. House Bill No. 6081, entitled:

"AN ACT CHANGING THE NAME OF MANLABANG NATIONAL HIGH SCHOOL IN BARANGAY MANLABANG, MUNICIPALITY OF CAIBIRAN, PROVINCE OF BILIRAN, TO CAIBIRAN NATIONAL HIGH SCHOOL"; and

8. House Bill No. 6099, entitled:

"AN ACT SEPARATING THE MAYOR BARTOLOME SERUT NATIONAL AGRICULTURAL AND TRADE HIGH SCHOOL – MUSIMUT ANNEX IN BARANGAY MUSIMUT, MUNICIPALITY OF KABUGAO, PROVINCE OF APAYAO FROM THE MAYOR BARTOLOME SERUT NATIONAL AGRICULTURAL AND TRADE HIGH SCHOOL, CONVERTING IT INTO AN INDEPENDENT NATIONAL HIGH SCHOOL TO BE KNOWN AS MUSIMUT NATIONAL HIGH SCHOOL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR".

TO THE ARCHIVES

Letter dated February 2, 2018 of Salvador C. Medialdea., Executive Secretary, Office of the President, Malacañang, transmitting two (2) original copies of Republic Act No. 10969 which was signed on even date by President Rodrigo Roa Duterte, entitled:

"AN ACT PROVIDING FREE IRRIGATION SERVICE, AMENDING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 3601, AS AMENDED, APPROPRIATING FUNDS THEREFOR AND FOR OTHER PURPOSES"

TO THE ARCHIVES

Letter dated February 7, 2018 of Salvador C. Medialdea., Executive Secretary, Office of the President, Malacañang, transmitting two (2) original copies of Republic Act No. 10970 which was signed on even date by President Rodrigo Roa Duterte, entitled:

"AN ACT DECLARING THE TWENTY-FIFTH DAY OF AUGUST OF EVERY YEAR AS THE NATIONAL TECH-VOC DAY"

TO THE ARCHIVES

Letter dated February 7, 2018 of Salvador C. Medialdea., Executive Secretary, Office of the President, Malacañang, transmitting two (2) original copies of Republic Act No. 10971 which was signed on even date by President Rodrigo Roa Duterte, entitled:

"AN ACT CREATING A BARANGAY TO BE KNOWN AS BARANGAY POBLACION 3 IN THE MUNICIPALITY OF VILLANUEVA, PROVINCE OF MISAMIS ORIENTAL"

TO THE ARCHIVES

Letter dated January 15, 2018 of Noel C. Galvez, President and CEO, Vanguard Radio Network Co., Inc., submitting to the House of Representatives their Report to Congress on their compliance, pursuant to the provisions of Republic Act No. 7529, as amended by Republic Act No. 8069.

TO THE COMMITTEE ON LEGISLATIVE FRANCHISES

COMMITTEE REPORT

Report by the Committee on Cooperatives Development (Committee Report No. 600), re H.R. No. 1673, entitled:

"RESOLUTION COMMENDING THE LAMAC MULTI-PURPOSE COOPERATIVE FOR ITS OUTSTANDING ACHIEVEMENTS AND LEADERSHIP IN THE UPLIFTMENT AND DEVELOPMENT OF COOPERATIVES IN THE COUNTRY"

recommending its adoption in substitution of House Resolution No. 1367

Sponsors: Representatives Geron, Bravo (A.) and Canama

TO THE COMMITTEE ON RULES

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

PRIVILEGE HOUR

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, today being a Monday, and pursuant to our Rules, I move that we open the Privilege Hour.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Chair declares a Privilege Hour.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I now move that the Lady from Party-List GABRIELA, the Hon. Emmi De Jesus, be recognized to avail of the Privilege Hour.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Rep. Emmi A. De Jesus of Party-List GABRIELA is hereby recognized.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. DE JESUS

REP. DE JESUS. Maraming salamat, G. Ispiker.

Magandang hapon sa mga kapwa ko Mambabatas na narito ngayon sa plenaryo.

Ngayong buwan ng Pebrero, muling ginugunita ang isang global campaign. Nakapakete itong One Billion Rising, isang kampanya para wakasan ang lahat ng anyo ng karahasan laban sa kababaihan. Makulay ang kampanyang ito kung saan ginagamit ang sayaw bilang porma ng protesta para patingkarin ang mga suliranin ng kababaihan at bayan. One Billion, dahil batay sa estadistika ng United Nations, isa sa bawat tatlong kababaihan ang nakararanas ng pang-aabuso o isang bilyong kababaihan sa buong mundo. Okasyon ito para basagin ng mga kababaihan ang katahimikan para sama-samang labanan ang karahasan at pagsasamantala, lalung-lalo na sa ilalim ng isang pandaigdigang sistemang pinaghaharian ng mga bansang tagapamandila ng giyera laban sa abuso at pandarambong. Sa kasalukuyan, halos 200 bansa ang lumalahok sa global campaign na ito.

Sa Pilipinas, nasa ikalimang taon na ngayong 2018 ang paggunita ng One Billion Rising. Nilalahukan ito taon-taon ng libu-libong mga kababaihang manggagawa, pesante, kawani, estudyante, guro at mga propesyonal sa iba't-ibang rehiyon. Ikinagagalak ko ring sabihin na kahit sa Kapulungang ito, mayroon tayong mga kasamahan mula sa mga distrito at mga lokal na pamahalaan na nagtaguyod ng kampanya na One Billion Rising. Ngayong taon, partikular na nakatuon ang temang Rise! Resist! Unite! lalo na sa harap ng mga tumitinding atake sa mga demokratikong karapatan ng mga kababaihan. Mahalaga ang pagbangon, paglaban at higit sa lahat, ang pagkakaisa – let us unite for justice and peace. Higit na akma ang naturang tema para sa protestang ito ngayon sa harap ng sunod-sunod na speeches ng ating Pangulo na tahasang nambabastos at nag-aalimura sa mga kababaihan. Nito lamang nakaraang Miyerkules, nagkaroon ng meryenda sa palasyo sa pangunguna ni Pangulong Duterte para umano sa mga sumukong rebelde ng New People's Army. Hindi lang meryenda ang pinagsaluhan sa okasyon, kundi ang pambabastos na naman sa kababaihan na pinagtawanan pa ng mga nakikinig sa talumpati ng Pangulo.

G. Ispiker, kapwa ko Mambabatas, siguro hindi ko na kailangang verbatim na i-quote mula doon sa transcript ng PCOO ngunit kung ita-translate ang kanyang sinabi, "Tell the soldiers there is a new order coming from the Mayor. We would not kill you. We will just shoot your vagina. If there is no vagina, it would be useless." Malinaw sa transcript na kaswal na ipinag-utos ni Pangulong Duterte na barilin sa ari ang mga kababaihang gerilya. Nakakagalit at hindi kailanman magiging katawa-tawa ang ganitong pahayag. Paano ba magiging katawa-tawa ang karahasan laban sa kababaihan, at paano magiging katanggap-tanggap na ang ganitong pahayag na binigkas mismo sa loob ng palasyo at mula mismo sa bibig ng isang Pangulo.

Mr. Speaker, fellow Members of the House, such remark is very dangerous and alarming as it only promotes state violence against women, further contributes to the climate of impunity of women's rights abuses, and emboldens state forces to commit more violations of International Humanitarian Law. This elevates state terrorism to a whole new level. Paglalantad ito ng Pangulo sa kanyang sarili bilang isang macho pasistang lider na natutuwa sa paggamit ng dahas para ipangalandakan ang brutal na pagsupil ng estado sa mga kababaihang lumalaban. Hindi kailanman magiging katuwiran sa armadong digmaan ang yurakan ang dignidad ng mga kababaihan.

The GABRIELA Women's Party cannot just let this extremely foul and un-presidential remark to pass. As we, together with our Lady legislators, aggressively push measures here in the House of Representatives that will uplift the status of women in the social, cultural and political fields, unfortunately, we have a President that exactly does the opposite. The Chief Executive casually and consistently degrades, disrespects and offends women, and then reasons out that it is just a piece of presidential humor. Ang isang lider na nagmumukang tagapamandila ng isang kulturang bulok ay lalong naglalaglag sa katayuan ng kababaihan sa ating lipunan. Nakababahala ang posibilidad na unti-unting nahuhubog ang kabataan sa bulok na kultura at istilo ng pamumuno. Papayag ba tayo na maging biro na lang din ng mga kabataan ang pagbaril sa ari ng kababaihan? Hindi ito ang biro na gusto nating pagtawanan ng mga susunod na henerasyon.

Higit sa lahat, kung iniisip ng Pangulo na mawawalan ng silbi ang kababaihan sa pagwasak ng kanyang ari,

ito ay isang malaking pagkakamali. Maling-mali na i-reduce ang halaga ng mga kababaihan sa paggawa lamang ng bata o sa ari. Pinatunayan natin na tayo ay bahagi ng kasaysayan ng isang lipunang aktibong lumalahok sa pag-aalsa laban sa abuso at karahasan, at paglaban sa mga despotiko at mga pinuno na lalong naglalaglag sa kalagayan ng kababaihan. Pinatunayan na natin ang ating halaga at kapangyarihan sa maraming antas, at sa pagsanib sa lakas ng mamamayan.

G. Ispiker, sa darating na ika-14 ng Pebrero, inaanyayahan namin ang mga mamamayan na maging bahagi para muling ipamalas ang pagkakaisa ng kababaihan sa pamamagitan ng kampanyang One Billion Rising. Libu-libong kababaihan ang magpoprotesta sa pamamagitan ng sayaw para kondenahin ang kalagayan ngayon ng ating kababaihan na naghahangad ng pagbabago. Higit sa lahat, sa darating na ika-8 ng Marso, Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, asahan din natin ang paghugos sa lansangan ng mas maraming kababaihan para irehistro ang malakas na pagtutol sa atake ng kasalukuyang gobyerno sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan at tunguhin nito na baka maging isa nang diktadura.

G.Ispiker, ikinagagalak ko na ang pagkakataong ito sa pagbibigay ng aking privilege speech ay marami-rami ngayon ang tao dito sa ating plenaryo at higit sa lahat, naririto ang aking mga kasamahan, ang mga Lady legislators na tinatawagan ko na maging bahagi ng laban para itaguyod natin ang karapatan at kagalingan ng kababaihan.

Maraming salamat at magandang hapon sa ating lahat.

THE DEPUTY SPEAKER. (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mme. Speaker, I move that we refer the speech of the Honorable De Jesus to the Committee on Rules.

THE DEPUTY SPEAKER. (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, the next Member who wishes to avail of the Privilege Hour is from the Party-List BAYAN MUNA, the Hon. Carlos Isagani T. Zarate. I move that we recognize him to avail of the Privilege Hour.

THE DEPUTY SPEAKER. (Rep. Hernandez). Rep. Carlos Isagani T. Zarate of Party-List BAYAN MUNA is hereby recognized.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. ZARATE

REP. ZARATE. Maraming salamat, G. Ispiker.

Magandang hapon ho sa ating lahat. G. Ispiker, alam po nating lahat na sa kasalukuyan ay nakatigil ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno ng Republika ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines. Nakakalungkot po ito dahil ang nakasalang na sa huling usapan ay ang pagkakasundo ng dalawang panig sa pinaka-kritikal na bahagi ng usapang pangkapayapaan na tinatawag na Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms or CASER. Sa higit dalawang dekadang kasaysayan ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at ng NDFP, Mr. Speaker, ngayon lamang mapag-uusapan ang mga pang-ekonomiyang batayan ng malawakang kahirapan ng ating mamamayan, wika nga, malapit sa bituka ng mamamayan. Itinuturing ang CASER bilang pinakamahalaga at pinaka-kritikal na bahagi ng usapang pangkapayapaan dahil isasalang at sisikaping pagtibayin sa pagkakataong ito ang isang komprehensibong balangkas para tugunan ang ugat ng papalubhang kahirapan sa bansa na siyang dahilan ng halos limang dekadang armadong tunggalian sa ating bayan.

Nilalaman ng CASER ang isang sosyo-ekonomikong alternatibo upang tuluyang mawaksi ang matagal nang mga polisiyang nagpapahirap sa ating bansa at sa ating mga mamamayan, mga polisiyang tinaguriang "neo-liberal." Ngunit, G. Ispiker, ano nga ba itong sinasabi nilang "neo-liberalismo" na sa tanang kasaysayan ng ating bansa ay tinututulan ng ating mamamayan?

Ang neo-liberalismo ay kaisipang tanging nakasentro at nakasalalay ang takbo ng ating ekonomiya sa tinatawag nilang malayang merkado o free market. Ang merkadong ito o free market ang siya ngayong nagdidikta sa kaayusan at tatakbuhin ng isang lipunan. Ang tanging gampanin ng gobyerno ay huwag makialam at bagkus, gawin pa nga ang lahat para hayaang malaya ang takbo ng sinasabing free market. Sa sistemang ito, G. Ispiker, itinuturing ang tao na isa lamang produkto at ang lipunan ay isang malaking merkado, ngunit sa deka-dekadang karahasan, partikular sa mga kapitalistang bansa, ang sinasabi pala nilang merkado ay isang malaking palaruan ng mga monopolyo, kartel at oligarkiya. Sila lamang po, G. Ispiker, ang malayang nagpapasahan ng yaman dito sa ating daigdig. Ibinabandila ng neo-liberalismo, bilang patakaran, ang globalisasyon sa pamamagitan ng pagliliberalisa sa kalakalan upang mas maluwag na makapasok ang mga dayuhang pamumuhunan at kapital sa isang domestikong setting. Nagluluwal ito ng walang habas na pribatisasyon ng mga batayang serbisyong panlipunan kagaya ng kalusugan, edukasyon, pabahay at maging sa irigasyon; at gayundin sa mga public utilities kagaya ng kuryente, tubig, langis at transportasyon at iba pang mga impresa. Ipinapatupad rin ang deregulasyon o pagluwag sa mga patakaran para lalong magkamal ng tubo ang mga pribadong korporasyon at kapitalista.

Sa papaanong paraan, G. Ispiker, lalong naitaguyod

ang sistemang neo-liberal? Nitong nagdaang mga taon, nilumpo nito ang mga unyon. Tagapagtaguyod ito ng mababang sahod sa mga manggagawa para pang-akit ng mas marami pang mga dayuhang mamumuhunan dito sa ating bansa. Nagbunsod ito ng regresibong sistema ng pabuwis kung saan higit ang ibinabayad ng mga mahihirap samantalang nakakalibre sa buwis ang mga mayayaman. Neo-liberalismo rin, G. Ispiker, ang nasa likod ng walang habas na land conversions sa kalunsuran man o sa kanayunan.

Ngunit, ano ang idinudulot nito sa ating bayan at sa ating mga mamamayan? Nananatiling bansot, atrasado, at ampaw ang ekonomiya ng ating bansa. Opo, G. Ispiker, ekonomiya nating tinatawag ang walang hanggang pag-export ng hilaw na materyales at murang paggawa. Unti-unting nalulusaw ang mga papasibol pa lamang na mga lokal na industriya at impresa, kaya naman taon-taon, signipikante ang pagbagsak ng produksiyon sa ating agrikultura at maging sa ating manupaktura. Patuloy namang nauubos ang ating likas-yaman na wala man lang halos tayong napapakinabangan. Sa katunayan, nitong 2016, nagtala lamang ang pamahalaan ng halos dalawang bilyong pisong kita sa industriya ng pagmimina. Pinakamababa ito, G. Ispiker, mula noong 2011, samantalang bilyong dolyares na halaga ng mga mineral ang hinahakot at ipinupuslit ng mga malalaking dayuhan at lokal na korporasyon ng pagmina palabas ng ating bansa.

Sa kasalukuyan, G. Ispiker, walo sa bawat 10 ng ating mga magsasaka ang hindi nababahaginan ng lupang kanilang sinasaka, habang napakalawak na mga lupain ang muling nakokonsentra sa mga panginoong maylupa, kabilang na ng mga land developers dahil sa hungkag na repormang agraryo. Atrasado pa rin ang ating ekonomiya. Nananatiling lantay at laganap ang kahirapan, gutom at kawalan ng trabaho. Lumalaganap, G. Ispiker, ang kontraktwalisasyon. Lalong lumalawak ang agwat ng mga mayayaman sa mga mahihirap ng ating bansa. Ayon sa IBON Foundation, sa loob ng taong 2010 hanggang 2015, lalong lumayo ang agwat ng income growth sa pagitan ng mga manggagawa at tubo o ganansiya ng 10 pinakamayayamang pamilya sa ating bansa. Mula P346 noong 2010 hanggang P363 noong 2015, P17 lamang ang itinaas ng real minimum wage na natamo ng ating manggagawa sa National Capital Region.

Samantalang mula P630 billion ng pinagsamang kita ng 10 pinakamayayamang pamilya noong 2010, naging lampas triple na ito pagdating sa 2015 kung saan umabot ng P2.2 trillion ang kabuuang tubo ng mga nasabing mga pamilya. Uulitin ko po, P2.2 trillion ang kanilang itinubo noong 2015. Ang yaman naman po ng 25 pinakamayayamang pamilya sa ating bansa ay katumbas ng kabuuang kita ng 76 milyong Pilipino sa isang taon. G. Ispiker, malinaw na madaya at hindi malaya ang merkado gaya ng itinatakda ng free market. Wala ni kaunting patak o ambon man lang ang sinasabing trickle-down economy at nananatiling 25 porsiyento ng ating population ang naghihirap. Halos kapareho ng antas noong 2003 at lalala pa ito dahil sa naipasang TRAIN Law na nagsimula ng magpataas pa ng presyo ng mga bilihin.

Kung walang pakialam ang patakarang neo-liberalismo sa tao, mas lalo pa, G. Ispiker, sa karapatan ng mga ito. Hindi naman sinusukat sa ating Gross Domestic Product kung ilang katutubo ang mapatay at mapaalis sa kanilang lupang ninuno, kung ilang komunidad ang nasa ligalig pagdating ng mga sakuna, at kung ilang aktibista at masa ang dinarahas dahil sa pag-aasam ng pagbabago. Sa madaling salita, G. Ispiker, ang tanging nagawa ng neo-liberalismo ay mas lubusang ikonsentra ang yaman ng mundo sa iilan, kaya naman kahit na ganoong kalaganap ang kapalpakan ng neo-liberalismo, mulat at patuloy na sinasamba ang bangungot na ito ng mga dayuhang dambuhalang kapitalista at kasabwat nilang mga Pilipinong negosyante, panginoong maylupa at mga taga pamahalaan, dahil sa totoo lang, G. Ispiker, sila lamang ang nakikinabang sa ilalim ng neo-liberalismo.

Sa kabilang banda, nararamdaman at patuloy na mararamdaman din ng buong mundo ang krisis ng neo-liberalismo. Saan pa nga ba unang mararamdaman ang krisis nito kung hindi sa mismong itinuring na tagapamandila ng neo-liberal na kaisipan—ang imperyalistang Estados Unidos. Matatandaan na noong 2008, G. Ispiker, nagpalitaw ng $17 trillion para lang i-bail out o salbahin ang mga ganid na speculators ng Wall Street at iba pang multilateral na mga institusyon na siya rin namang dahilan ng financial meltdown noong panahong iyon. Ano po ang halaga ng $17 trillion? Sapat na po ito, G. Ispiker, para pawiin ang gutom sa mundo sa loob ng 600 taon. Ano ang nangyari at kapakinabangan nito sa kinalaunan? Magpasa hanggang ngayon ay hindi pa rin nakabangon sa pagkalugmok ang pandaigdigang merkado at pinansiya. Halos walang nakasuhan na mga may pakana ng financial crisis noong 2008. May 65 to 70 percent na mga mamamayan sa top 25 high-economy countries ang nakakaranas sa kasalukuyang pagbaba ng kanilang real income.

Umaabot ang sakit maski sa politikal na hibla ng bawat kapitalistang bansa at umuusbong ang ilang signipikanteng tugon ng mga mamamayan nito laban sa sistemang ito. Mga patunay nito, G. Ispiker, ang kamakailan lang na pagbaklas ng Britanya sa European Union at pagkaluklok ni Donald Trump bilang Presidente ng Estados Unidos. Naudlot ang pag-arangkada, halimbawa, ng Trans-Pacific Partnership or TPP na balak sanang pasukin ng nakaraang administrasyon. Salamat sa mga pagkilos at pagtutol ng mga mamamayan ng bansa at sa buong daigdig at ito ay napigilan. Neo-liberalismo rin po ang dahilan sa paglipana ng iligal na droga na dahil sa kawalan ng

trabaho, mataas na presyo ng mga bilihin at kawalan ng access sa ating mga kababayan, pumasok sila sa iligal na industriya ng droga. Samantala, nagagamit ito ng Estados Unidos, partikular sa kanilang inilulunsad na war on drugs sa Colombia at Mexico upang palawigin at itayo ang kanilang neo-liberal na interes sa mga nasabing bansa. G. Ispiker, trahedyang maituturing ng lipunan nating ito, na bunga ng pagkakapako natin sa sistemang neo-liberal hanggang sa ngayon dahil ultimo pagawaan ng pako ay wala po tayo dito sa Pilipinas.

"Daang Matuwid" ang tinatawag nito sa administrasyong Aquino, isang programang kinamumuhian ng mga mamamayan at ni Pang. Rodrigo Duterte. Kaya naman gayon na lamang ang pagkakababahala at pag-alma ng mga mamamayan nang ipahayag ni Pangulong Duterte na ipagpapatuloy nito ang economic agenda ng administrasyong Aquino, na kahit na noon pa man ay malinaw na sa kanya ang epekto ng neo-liberalismo sa ating sambayanan. Sa katunayan, G. Ispiker, sa victory speech ni Pangulong Duterte noon, idiniin niyang isa sa mga ugat ng ating sosyo-ekonomikong problema ay ang "onslaught of the World Trade Organization." Tinutukoy niya na pangunahing problema ang kawalan ng seguridad sa trabaho, konserbatibong piskal na mga patakaran ng pamahalaan at ang kalunus-lunos na kalagayan ng industriya sa pagmimina ng ating bansa. Ngunit para bagang nag-iba ang ihip ng hangin at ipinapangalandakan ngayon ng administrasyong Duterte na ipagpapatuloy ito, at ngayon nga ay gumugulong ang panukalang pag-amyenda ng ating Konstitusyon upang paluwagin lalo ang matagal namang pinaluwag ng dayuhang pagmamay-ari ng lupain sa ating bansa, kahit pa mayorya ng mga mamamayan or nasa 44 percent sa huling Pulse Asia survey ang tumututol dito.

Sa kabilang banda, nananatili pa rin ang patakarang pribatisasyon at deregulasyon kahit pa may mga matingkad ng manipestasyon ng pagpalya nito. Halimbawa, G. Ispiker, isa na ang Pilipinas sa may pinakamataas na presyo ng kuryente sa daigdig dahil sa pribatisasyon ng power sector na iniluwal ng EPIRA. Bukod pa rito, napatunayan natin nitong mga nakaraang panahon na ang pambansang budget, na kahit mai-privatize na lahat ang natitirang power assets ng gobyerno, may matitira pa ring bilyun-bilyong utang na ipinapasa rin natin sa ating mga konsyumer. Subalit ngayon, ina-aprubahan ng Economic Cluster ng ating Gabinete ang posibleng pagsimot ng Malampaya funds para lang bayaran ang residual liabilities ng PSALM na nagkakahalaga ng P245 billion, at mukhang mauuwi rin sa wala ang planong ito na gamitin ang pondo ng Malampaya para bumaba ang presyo ng kuryente dahil sa nakaambang pagtaas ng presyo nito pagdating ng Marso ngayong taon dahil naman sa Malampaya shutdown. Kaparehong-kapareho ang sitwasyon pong ito noong 2013 sa anomalya ng Malampaya. Wala na daw sa poder ng pamahalaan ang pagpapatakbo ng ekonomiya pero heto ngayon, obligadong saluhin natin ang kapalpakan ng sistemang hinayaan nating lumaganap. Kaliwa't kanang arbitration cases ang hinaharap ng pamahalaan ngayon mula sa iba't ibang pribadong kontraktor. Nandiyan, G. Ispiker, ang P125 bilyong income tax na ayaw bayaran ng kontraktor ng Malampaya, ang Shell Philippines. Nandiyan din ang di makatarungang paniningil sa kasalukuyan ng Manila Water at Maynilad ng humigit-kumulang P82 bilyon na diumano ay losses nila mula sa desisyon ng MWSS na ipagbawal na ipasa ng dalawang kumpanya ang kanilang income tax sa mga konsyumer.

Sa kaso naman ng pribatisasyon ng LRT 1, dahil sa kapalpakan ng gobyernong maisagawa ang kanilang mga obligasyon at kontrata, sila pa ngayon ang obligadong magbayad ng penalties sa private contractor na LRMC. Saan po kukunin ang pambayad? Doon po sa kakapiranggot na P9 bilyong premium na ibinayad ng LRMC sa gobyerno. Sa esensiya, ibinabalik lamang natin sa LRMC kung ano ang ibinabayad nila. Ipinapakita ng mga tinaguriang "economic managers" ng gobyerno kung sino ang tunay nilang pinaglilingkuran. Samantalang kinokontra nila ang maka-mahirap na dagdag pension sa SSS at moratorium sa kumbersiyon ng agrikultural na mga lupain, agresibo naman itong mga economic managers sa kanilang pagtutulak ng TRAIN at ang pagdagdag premium ng SSS sa ating mga manggagawa. Sa kaso ng SSS, imbes na pakinggan ang panawagang magsagawa ng reporma bilang kaakibat na dagdag pensyon kagaya ng paghahabol sa delinquent employers at pagpapalawak ng investments, ipinipilit ng mga economic managers na ito na itaas na lamang ang contribution rate ng ating mga manggagawa. Sampal ito sa mga manggagawang kamakailan lamang ay pinagkaitan ng dagdag pasahod. Sabi ng NEDA at ECOP, humigit kumulang daw P166 bilyong kada taon ang kailangan para maipatupad ang wage hike pero, maitanong din natin, magkano ba ang lost revenues kada taon ng gobyerno dahil sa collection inefficiency ng revenue generating agencies kagaya ng BIR at Bureau of Customs? Tumataginting po ito na P600 bilyon noong 2012 o katumbas ng apat na porsiyento ng ating GDP kada taon.

G. Ispiker, kung gaano binabarat ng ating economic managers ang ating mga manggagawa, ganoon naman ang kanilang pagkagalante sa mga mayayaman at malalaking korporasyon. Sa kasalukuyang corporate income tax na 32 percent, palaki ng palaki ang corporate profit ng mga korporasyon ng 15.9 percent kada taon, ayon sa talaan ng bangkong HSBC. Sa katunayan, noong 2016, tumabo ng higit P4 trilyon ang pinagsamang net worth ng mga 50 pinakamayayamang pamilya sa bansa, higit pa sa ating pambansang budget ngayong taon, pero mukhang hindi pa ito sapat dahil gusto pa ng economic managers na babaan pa ang corporate income tax ng

mga ito sa ilalim ng Tax Reform Package 2 at ipasa na lamang sa mga ordinaryong mamamayan ang pagpasan sa problema ng ating bansot na ekonomiya. Hindi lang iyan, gaano po kalaki ang tax at fiscal incentives na inaasahang ibibigay ng gobyerno sa mga kumpanyang ito? Tinatayang aabot po ito, G. Ispiker, ng P180 bilyon kada taon.

Sa kabilang banda, hindi pa rin natutupad ang pangakong tuluyang wakasan na ang anumang porma ng kontraktwalisasyon na siyang salot sa right to security of tenure ng ating mga manggagawa. Ang panukalang batas na pumasa sa Kongreso na pekeng Anti-Endo bill, at ni ayaw pa ngang tanggalin ni Pangulong Duterte ang lahat ng endo maski na nakipag-dayalogo sa kanya ang mga unyon at leader ng mga manggagawa kamakailan lang dahil patuloy pa rin ang laban ng mga manggagawa para na tuluyang i-abolish ang kontra-manggagawang patakarang ito.

G. Ispiker, mga kasamahan ko sa Kongreso, ganito na po kabulok ang sistemang neo-liberal. Nananatili at nagpapatuloy pa rin ang neo-liberal, ang kapit at impluwensiya nito sa kasalukuyang pamahalaang kahit na malawak na ang disgusto at pagtutol ng ating mga mamamayan. Hindi ho totoong walang alternatibo sa kasalukuyang sistema. Sa katunayan, ilang dekadang pakikibaka na ang ginugol ng sambayanan para makamit ang isang panibagong sistemang protektado at pinoprotektahan ang demokratikong interes ng mamamayan, at ito nga po ang nilalaman ng CASER.

Sa ilalim ng panukalang CASER ay nakapaloob ang mga sumusunod na repormang nais itaguyod ng sambayanang Pilipino: una, repormang agraryo at kaunlaran sa kanayunan na nakasalalay sa libreng pamamahagi ng lupa, kooperatibisasyon, mekanisasyon ng agrikultura at pagtataguyod ng mga industriyang rural; pangalawa, pambansang industriyalisasyon na ang salalayan ay repormang agraryo sa pamamagitan ng pagtatayo ng heavy industries at iba pang industriya bilang tulay; pangatlo, isang patakarang pagtataguyod ng kalikasan kung saan mahigpit at nililimitahan ang large-scale foreign and local mining at marine wealth extraction. Sisiguraduhin sa ilalim ng CASER ang oryentasyon ng industriya ng mina ay nakaugnay sa pambansang industriyalisasyon; pang-apat, isang komprehensibong patakarang magpoprotekta sa sosyo-ekonomikong karapatan ng mga mamamayan—mga, manggagawa, magsasaka, fisherfolk, professionals, OFWs, kababaihan, kabataan at iba pang sektor. Sa halip na sovereign guarantees, ang tinitiyak o ginagarantiyahan sa ilalim ng CASER ay ang karapatan ng publiko sa libreng edukasyon, kalusugan, pabahay at iba pang serbisyong pampubliko; pang-lima, itinataguyod ng CASER ang isang makabayan, siyentipiko at pangmasang kultura; pang-anim, itinataguyod din ng CASER ang karapatan ng ating pambansang minorya sa sariling pagpapasya, pag-unlad at laban sa diskriminasyon; at bilang panghuli, itinataguyod ng CASER ang isang komprehensibong balangkas ng reporma sa kalakalan, pamumuhunan, pinansiya at patakarang piskal na ang pangunahing layunin ay pagwaksi ng ating kolonyal na relasyon sa mga imperyalistang bansa, lalo na sa Estados Unidos at Tsina. Kabilang rito ang pagtalikod sa mga patakarang neo-liberal na idinidikta ng IMF, World Bank and World Trade Organization.

Noong isang taon, G. Ispiker, nakatanggap ang administrasyong Duterte ng halos isang trilyong pisong Official Development Assistance mula sa Tsina at Japan. Mariin ang ating posisyon na hindi ito pagmulan ng kung anumang kondisyon para italing muli ang ating bansa sa interes ng mga bansang ito. Kaya naman, ating hinihimok ang Duterte administration na gamitin ang mga pondong ito para sa inisyal na pagsasakatuparan ng kahilingan ng mga mamamayan na magkaroon ng mga batayang industriya sa ating bansa. Makatuwiran at makatarungang reporma, ito ang ating panawagan, G, Ispiker at mga kasamahan ko sa Kongreso, kaya mahalaga na muling buksan at ituloy ang usapang pangkapayapaan. Atin pong suportahan ang pambihirang pagkakataong maitakda ang isang mas demokratiko, maka-mamamayan at makabayang sosyo-ekonomikong istruktura at sistema ng ating bansa. Higit anupaman, G. Ispiker, may tungkulin tayong mga Mambabatas na ipalaganap sa ating mga nasasakupan or constituents, kung gaano kahalaga ang bahaging ito ng usapang pangkapayapaan. Dito sa CASER nakasalalay ang ating kinabukasan bilang isang bansa.

Isulong ang makatuwiran, makatarungan at pangmatagalang kapayapaan!

Isulong ang pagkakaroon ng tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon!

Muling ituloy ang naudlot na usapang pangkapayapaan ng gobyerno ng Pilipinas at ng National Democratic Front!

Maraming salamat, G. Ispiker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we refer the speech of the Honorable Zarate to the Committee on Rules for its appropriate action. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we recognize the Gentleman from the Party-List ANAKPAWIS, the Hon. Ariel "Ka Ayik" B. Casilao,

to avail of the remaining time of the Privilege Hour. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Rep. Ariel Casilao from the Party-List ANAKPAWIS is hereby recognized.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. CASILAO

REP. CASILAO. Thank you, Mr. Speaker.

Magandang hapon po, mga kababayan, mga kasamahan kong Mambabatas.

Nitong mga nakaraang araw, headline sa ating mga balita ang magkaiba, nakakalitong pahayag ng iba't ibang ahensiya ng ating gobyerno hinggil sa isang napakahalagang pangangailangan ng taong-bayan. Mr. Speaker, rice is a staple food na kinakain ng ating mga mamamayan, ngunit nitong mga nagdaang araw ay ginulat tayo ng isang nakakabahalang pahayag ng spokesperson ng National Food Authority, na ang kasalukuyang stock at supply ng NFA rice sa mga warehouses ng nito ay hanggang dalawang araw na lamang. Nagdulot ito, ayon sa reports ng ating regional chapters at sa ating pagbisita sa mga merkado, at sa mga distributors ng NFA rice, dalawang kilong rasyon ang pinapahintulutan na lamang na bilihin ng ating mga mamamayan, at binanggit din na karamihan sa official NFA rice outlets ay wala na pong ibinebentang NFA rice.

Sa kabilang banda, Mr. Speaker, ang Department of Agriculture, through Sec. Emmanuel Piñol, ay nagsabi na walang rice crisis, walang shortage, and in fact, ang supply ng kasalukuyang bigas, including commercial rice, ay aabot pa ng 90 araw.

Gayundin ang pahayag ng namumuno sa National Food Authority (NFA) Council, ang Kalihim ng Gabinete, CabSec, Secretary Jun Evasco, tinatanggi na mayroong NFA rice crisis, habang binabanggit din ng kasalukuyang spokesperson ng NFA na mayroong paparating na 250,000 metric tons na imported na bigas, nagbabalak at hinihintay na lamang ang pirma para mag-angkat muli ng another 250,000 metric tons na bigas na darating dapat sa loob ng dalawa o tatlong buwan.

Nakakabahala, Mr. Speaker, dahil ayon din sa Grains Retailers' Confederation of the Philippines, Inc. o GRECON ay nag-anunsiyo na ang mga commercial rice dealers na balak nilang magtaas ng lima hanggang pitong piso kada kilo. Mga kababayan, mga kasamahan kong Mambabatas, Mr. Speaker, kapag ito po ay nangyari, tila ipinipilit at itinutulak ng gobyernong ito na imbes na iyong mga mayayaman lamang at iyong may balak mag-diet para hindi sila kumain sa isang kainan, o iyong mga naka-keto diet, pero dahil dito sa inaanunsiyo ng NFA, tila pinapag-diet nito ang mamamayang Pilipino at pinipilit silang mag-diet at mag-skip ng isa o dalawang meal.

Remember, Mr. Speaker, sa kasalukuyang presyohan ng kada kilo ng bigas ng NFA, ayon sa Philippine Statistics Authority, nasa 20 milyong mahigit na mga kababayan natin na ang pangunahing preference at binibili na bigas para isasaing ay ang NFA. Ayon din sa Labor Force Survey, ito iyong nakakayanan ng kakarampot na sahod na kanilang tinatanggap o sa ingles "purchasing capacity." Ang isang minimum wage earner, Mr. Speaker, ang sahod niya ay P512 sa isang araw, kailangan niyang kumain ng tatlong beses. Para sa limang miyembro ng kanyang pamilya, kailangan magsaing ng dalawang kilo sa agahan, tanghalian at hapunan. Ang ibig sabihin, anim na kilo sa buong araw kapag sila po ay kumakain ng three square meals. Sa P32 kada kilo na NFA rice ngayon na siyang pinakamura, P64 times three na po iyong gagastusin niya sa isang buong araw na konsumo ng kanyang pamilya. Papaliit nang papaliit ang value ng kanyang sahod na kinikita bawat araw sa bigas pa lamang, hindi pa kasama diyan ang ulam, at dahil nga rin naipatupad ang isang batas hinggil sa tax reform, itong pagpasok ng unang araw ng Enero sa taong 2018, nagsitaasan naman ang lahat ng mga presyo ng bilihin at serbisyo.

Honorable Speaker, mga kapwa Mambabatas, isa sa mga mandato ng NFA ang i-ensure na may abot-kayang supply ang bigas sa mga pamilihan ngunit nitong nakaraang linggo, tila ang NFA pa mismo ang nagpapakalat ng disimpormasyon, hysteria, takot at fake news. Naghihinala po ang Kinatawang ito, Mr. Speaker, tila ba gumagalaw at mayroong galaw ang kartel na halos synchronized ang mga pahayag na nagmumula sa NFA at nitong mga nasa kartel din ng bigas na nagbabalak ding magtaas ng presyo ng commercial rice. Labas pa diyan ang milyun-milyon o daan-daang libong toneladang papasok na recorded na importasyon, labas pa po diyan iyong smuggled.

Honorable Speaker, mga kapuwa Mambabatas, malinaw po ang artipisyal na kakulangan ng NFA rice. Ito po ay sa balangkas na target na pagkakakitaan ang mayorya ng mga populasyon na ang tinatangkilik ay ang NFA rice na mura ang presyo kumpara sa commercial rice. Ang sitwasyon ding ito ay hindi na bago dahil ang mga nagdaang administrasyon ay tila ipinagpatuloy lamang at mas matindi, pinapalala ang galawang kuntsabahan. Isa sa mayor na dahilan nito, Mr. Speaker, ang patuloy na importasyon natin sa bigas. Habang tinatalakay ng Kapulungang ito ang Tariffication Law, dahil nai-lift na nga ang quantitative restriction at nais siguro ng Mambabatas o ng mga kasamahan natin na magtakda na lang ng 30 to 35 percent tariffication rate to harmonize the ASEAN tariffication rate, pero sa ganyang balangkas, Mr. Speaker, unti-unti at palalang-palala na pinapatay natin ang ating mga magsasaka.

Ano po ang dapat gawin, Mr. Speaker? Sa 2017 datos ng NFA at sa panahon ng deliberasyon ng budget ng Department of Agriculture at ng NFA, umaabot

lamang sa tatlong porsiyento ang procurement rate ng NFA sa ating mga local palay producers. Maliit ito kumpara sa halos 80 porsiyentong importasyon ang salalayan ng supply ng ating bigas. Ang kadahilanan nito, Mr. Speaker, sinasabi ng NFA na natatali po ang kanilang mga kamay dahil ang ating budget na nakalaan, ang buying price lamang na inaprubahan ng NFA Council ay P17 per kilo ng palay, habang ang ating mga trader ay kaya nilang bilhin sa P20 o P25 kada kilo. Maliban pa po diyan, mayroon pong sinusunod na standard ang NFA na kung saan itong tinatawag na moisture content ay dapat hindi tataas sa 12 porsiyento, at ang purity content. Mr. Speaker, sa ganyang balangkas po na-justify ang priority policy towards supply ng ating bigas, bilang pangunahin, ay nasa balangkas ng importasyon.

Nirerekomenda po ng Kinatawang ito, Mr. Speaker, paulit-ulit sa nagdaang mga panahon, ang harapin ang artipisyal na gawa-gawa na krisis sa bigas. Matagal na nating paulit-ulit na sinasabi ang papaliit na lupain ng mga palayan bunga ng naglalakihan at pangunahing priority ay ang mga naglalawakan, naglalakihang mga plantasyon kumpara sa ating mga rice farmland. Pangalawa, nararapat at paulit-ulit nating sinasabi, lakihan ang tulong ng ating gobyerno sa production cost ng ating mga magsasaka sa palayan. Ibig sabihin po, totoo na mahal ang gastos nito from area preparation during pagtanim at sa harvest season, lalo pa sa post-harvest facility. Ang kalakhan po sa gastos na iyan ay dahil solong kinakarga ito ng ating mga magsasaka at kinukunan iyan sa pamamagitan ng kanilang utang sa iba't ibang mga trader o sa mga panginoong maylupa. Nais nating paulit-ulit na sinasabi na lakihan ang purchasing rate ng ating NFA pabor sa ating mga lokal na mga magsasaka, paramihin ang mga post-harvest facility na subsidyo ng ating gobyerno at hindi iasa na iluwal ito mula sa sariling gastos ng ating mga magsasaka.

Iyong pagbasag sa kartel ay matagal na pong paulit-ulit nating sinasabi. Kada administrasyon ay nananatili ang impluwensiya at malakas na kapit ng kartel sa bigas at hindi ito nareresolba sa mga nagdaang panahon hanggang sa kasalukuyan, at siyempre, sa pangmatagalan na rekomendasyon, Mr. Speaker, mahalaga po na ang salalayan ng food productivity at food security ay nakaasa sa lupa. Hangga't wala pong tunay na reporma sa lupa, hanggat wala po ito sa kamay ng ating mga nagbubungkal na mga magsasaka, ang produktong kinakailangan ng ating mamamayan, kinakailangan ng ating gobyerno, ay mananatiling bansot at nakaasa ito sa importasyon. Kayat kailangan po, Mr. Speaker, na mahalaga na makita at maimbestigahan ito ng Kongreso para malaman natin saan ba talaga o ano ba talaga ang totoo. Umaasa tayo bilang ahensiya ng ating gobyerno, umaasa tayo sa mga impormasyong sinasabi ng mga nasa katungkulan, at kapag iyan po ay nagmumula sa bibig ng mga opisyal ng ating gobyerno, nagiging opisyal po iyan at paniniwalaan ng ating mamamayan.

Tulad na lang ngayon, binibigyan tayo ng maliit na opsyon, na kapag walang mabibiling NFA rice, tiyak doon tayo bibili sa mga commercial rice traders. Hindi po dapat ganoon, Mr. Speaker, dahil alam naman po natin na sapat ang source ng palay at ng bigas, at ang problema na lang ay kung papaano iyong sistemang i-ensure ito ng ating gobyerno. In fact, Mr. Speaker, ang buwan ng Marso at Abril ay peak harvest season. Kapag itinuon sa peak harvest season ang pagpasok ng daang-daang libong toneladang imported rice, magigipit at magigipit ang ating mga magsasaka. Kaya po naglunsad tayo ng pagkalampag sa mga ahensiyang sinabi at binanggit ko, at ako po ay naghain at maghahain ng karagdagang mga resolusyon para tingnan ng Kapulungang ito. Bilang mga Kinatawan ng mga distrito at ng mga party-list, apektado po tayo, apektado po ang ating pamilya, apektado po ang ating mamamayan.

Maraming salamat, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we recognize the Gentleman from Party-List BUHAY, the Hon. Jose "Lito" L. Atienza Jr., for his interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Rep. Lito Atienza is hereby recognized.

REP. ATIENZA. Thank you, Mr. Speaker. Maraming salamat, Mr. Majority Floor Leader.

With the kind indulgence of the Gentleman, I would like to even clarify and stress on some points that he raised this afternoon on the issue of impending rice shortage.

REP. CASILAO. I will be honored, Mr. Speaker.

REP. ATIENZA. Nabanggit po ng ating kagalang-galang na G. Casilao na ang problema natin sa bigas ay hindi natin maintindihan. Ang sinasabi ay walang krisis, ang sinasabi ay wala daw problema, pero ang katotohanan po, ang presyo ng bigas ay pataas ng pataas. Pati na iyong presyo ng NFA rice ay tumaas na rin at hindi lang mataas, kadalasan ay wala pong NFA rice sa palengke. Kanina lang ay ipina-check ko ito sa ilang palengke sa Maynila at ganoon po ang ini-report sa akin na walang mabiling NFA rice, pero ang sabi po naman ng NFA ay wala po naman daw problema. Iyon din ang narinig ko rin kay G. Casilao, kaya nakapagtataka—kayo po ba ay naniniwala na ang puno't dulo ng lahat ng problemang ito ay korapsyon?

REP. CASILAO. Totoo po iyan, kagalang-galang na Kinatawan ng BUHAY Party-List. Isang bahagi, isang porma po ang binabanggit ng ating Kinatawan, bahagi ito ng masalimuot na galaw ng kartel at bahagi na rin po diyan iyong manipulasyon at korapsyon, dahil nga po kapag ito ay kumakalat nga, dahil nagmumula ito sa isang ahensiyang sinasandigan natin na nagmumula diyan ang batayang stock at source ng bilihin ng NFA rice, pero sila mismo ang nagsasabing kulang na, at ipinapakita pa nga sa balita na halos walang laman ang mga warehouses. Nakababahala po talaga iyan.

Bunga na rin ng magkaibang mga pronouncement at statement ng iba't-ibang mga opisyal na nasa halos isang pamilya tulad ng Department of Agriculture and the NFA Council, ay nababahala din tayo at nais nga nating malaman sa pamamagitan ng ating resolusyon o sa pamamagitan ng pagtingin, in aid of legislation of the House, kung ano ba talaga ang totoo at ano ang fake, at baka diyan ay malaman din natin na mayroon palang korapsyon.

REP. ATIENZA. Ang inyong lingkod ay sumasang-ayon sa inyo kung ganoon ang inyong paniniwala, at iyon ang ating hahanapin—saan, sino at papaano, sapagkat ang National Food Authority ay binuo ng batas at ang kanilang primary responsibility ay tiyakin ang availability ng bigas sa ating mga palengke, at alam nating lahat na ang bigas ay ang pinaka-staple food ng ating mga kapwa Filipino. Wala akong kilalang Pilipino na hindi kumakain ng bigas. Iyong iba ay nagko-control sapagkat bawal na sa kanila ang sobrang kanin subalit ang pangkaraniwan ay wala pong kontrol sapagkat kadalasan ay bigas lamang, kanin lamang ang kanilang nakakain sa isa o dalawang beses bilang pagkain sa maghapon.

Kaninang umaga, ako ay nagbasa ng diyaryo at ang sabi po doon ng isang Senador, ang sanhi daw nito ay smuggling at cartel. Wala akong nabasang sinabi nitong masipag at magiting na Senadora na ang dahilan dito ay korapsyon sa National Food Authority. Kaya ako ay natutuwa na tinutumbok ninyo ang problema sapagkat nandoon po ang solusyon. Hindi tayo magkakaroon ng bigas kailanman na supisyente sa ating pangangailangan, maski na anong gawin sa agrikultura, kung ang National Food Authority ang problema sapagkat sila ang talagang may kontrol ng daloy ng bigas, ang local production and importation nito. Everytime that we lower our guard, this type of problem recurs in the country—the shortage of rice. Nagsipag ka, may pera ka nang pambili pero wala ka namang mabili, at maririnig mo pa, "Di bawas-bawasan ninyo ang pagkain ng bigas, ng kanin, para hindi kayo mamahalan."

Tama po ba iyong salitang iyon?

REP. CASILAO. Tama po, ako po ay sumasang-ayon.

REP. ATIENZA. Hindi kayo naniniwala na kailangang magkontrol tayo ng pagkain ng bigas?

REP. CASILAO. Iyon pong binabanggit na pagkontrol ay tila isang napakaliit na bahagi ng pangkabuuang rekomendasyon pero hindi po dapat iyan ang ating tingnan. Mas tingnan natin ang pinakamahalaga at pinakamalaking dahilan kung papaano natin reresolbahin at papaano makakamit talaga ng ating gobyerno ang sinasabing food sufficiency or food productivity na maglalayon doon sa pangmatagalang polisiya o programa ng ating gobyerno na libre mula sa anumang korapsyon, libre mula sa anumang manipulasyon, libre mula sa anumang papel ng mga kartel, at kung saan talagang maglilingkod ito sa pangangailangan ng ating mamamayan.

REP. ATIENZA. Alam naman nating lahat, Mr. Speaker, na kapagka kayo ay mayroong kapangyarihan katulad ng kapangyarihan ng National Food Authority at mayroon kayong pagmamahal sa ating bayan ay hindi kayo dapat magkulang sa daloy ng bigas kailanman. You have all the powers to control and to even manipulate it, if necessary, in favor of the Filipino but the problem is, they are manipulating it in favor of corruption. That is the main problem, that is the real problem. Kung narinig natin na ang problema is smuggling, ang problema ay kartel, hindi natin maso-solve ang problema talaga kailanman. Ang problema ay korapsyon kaya iyon ang problemang dapat nating tumbukin at hanapin. Mr. Speaker, if the Gentleman files a resolution to look into this matter, this Representation would volunteer to be part of that resolution.

Ito po ay hindi natin pwedeng palagpasin. Ito ay pagsubok. Kung lulusot at sasabihin pa na ang problema ay dumadami ang tao, dumadami ang kumakain ng bigas, o anong gusto ninyo, magbawas tayo ng tao? Puwede rin. Ibawas nila iyong sarili nila; huwag nilang tingnan iyong mahihirap na kumakain ng kanin at bigas. Ang problema raw ay masyadong marami iyong unlimited rice sa mga restaurant—o, pati iyong benepisyo ng isang taong kumakain sa restaurant, nakakakuha ng kaunting bonus na unlimited rice, ay titingnan pa ninyo. The problem is not one of consumption, Mr. Speaker, it is not a matter of overconsumption. It is a shortage of supply because they are manipulating it for their own corrupt intention. Sang-ayon po ba kayo roon?

REP. CASILAO. I fully agree, Mr. Speaker. In fact, beyond corruption, there is really a need to revisit the policy of the cluster handling rice importation in ensuring food supply. Iyon pong sinasabing argumento na overconsumption ay tila pampaligaw lamang, kumbaga, kung pag-iinitan po iyong mga unlimited rice sa mga kainan na nag-o-offer ng ganyan at iyong mga awas, iyong mga nasayang, ay inilalayo tayo sa tunay

na problema at isa sa mga kinikilala natin na tunay na problema ay itong tinatawag na korapsyon sa loob ng NFA, iyong manipulasyon ng supply o presyo na pabor sa iilang mga negosyante at maging sa pangkalahatang problema nga, iyong problema nga na—ilang milyong ektaryang lupain ba ang solely nakalaan para sa rice production or palay production? Paliit po iyan nang paliit. Sa datos po ng Department of Agriculture, in 10 years, halos daang libong mga sakahan ang lumiit ng husto in favor sa conversion para sa iba't-ibang mga agri-business plantation.

Kaya iyon po iyon, at magkaroon tayo ng immediate na relief, hanapin natin kung saan iyong mga problema at maglagay tayo ng immediate relief sa mga problemang iyan, resolution na iyan at sa pangmatagalan, maglatag tayo ng road map.

REP. ATIENZA. Ang sabi po ni Secretary Piñol ay wala pong shortage. Naniniwala po ako. Unang-una, naniniwala ako kay Secretary Piñol. Kung walang shortage, bakit walang NFA rice sa palengke? I said, today, in many markets in Metro Manila, there is no National Food Authority rice available. Ang available, sinandomeng pero P42 po ang isang kilo niyan, at ang dinorado, P52 po ang isang kilo niyan. Bukod sa tumaas nang tumaas ang presyo ng bigas sa lahat ng pribadong at pampublikong palengke, ang National Food Authority, bukod sa wala yatang ginagawang gaano upang hindi masyadong tumaas ang presyo ng bigas, ay nawawala pa iyong kanilang dapat na affordable rice. Naaalala ko, hindi pa ho masyadong matagal, hindi lumalagpas sa uno-veinte ang NFA rice, isang piso at 20 sentimos; tumaas ng otso pesos, onse pesos, matagal na panahon. Nakikita ninyong nagtatrabaho ang gobyerno, nagtatrabaho ang National Food Authority. Magkano na po ba ang NFA rice ngayon, G. Casilao?

REP. CASILAO. Ayon po sa latest website advisory ng NFA, iyon pong ordinary-milled rice na NFA ay P27 at iyong well-milled rice na NFA ay P32 per kilo.

REP. ATIENZA. Magkano po, P32?

REP. CASILAO. Twenty-seven pesos per kilo po iyong ordinary-milled rice na NFA at P32 per kilo iyong well-milled rice na NFA.

REP. ATIENZA. Tingnan ninyo, P32, NFA rice, at P27 ang pinakamababa. Iyong ating mga manggagawa ay nagsisikap at gusto na ring mabuhay nang maayos upang sila ay makakain ng husto, ng wasto. Ang mga kapwa nating Pilipino ay nagsasakripisyo, nagtatrabaho sa labas ng bansa, hiwalay sa kani-kanilang pamilya. Tapos, iyong bigas na dapat sana ay kontrolado—kung mayroong dapat kinokontrol ang gobyerno, ito ang bigas sapagkat iyan ang kinakain ng lahat ng Pilipino. Twenty-seven pesos, kaya po bang bilhin iyan? Thirty-two pesos, nahihirapan na. Sa ngayon, e, wala pang mabili. Kaya, G. Casilao, maganda po ang pagkakataong ito, at sa palagay ko, marami sa mga kasamahan natin ngayon ay sang-ayon—at alam ko naman, ang Pangulong Duterte ay galit sa corruption.

So let us point out this particular agency which seems to be the nest and the center. He talks about the cesspool developing, this is the cesspool of corruption because they are dealing with the basic food of every Filipino and we cannot just allow it to pass. Kino-control nila, mina-manipulate nila, hindi po para sa tao pero para sa kanila. Kung ito ay sisiyasatin nating mabuti, matutunton natin ang puno't dulo kung bakit nangyayari ang ganito. According to the Department of Agriculture, there is no shortage. According to the national government leadership, walang shortage pero wala pong bigas na nagmumula sa NFA.

So, the sooner you file this, Mr. Speaker, the better for our people, and I am ready and willing to be part of that resolution. We want to get to the bottom of it, how they do it—not through smuggling, because if it is true that smuggling is a problem, then we should have an oversupply and the prices will be lower. But why are prices going up beyond the affordable control of the Filipino family? Because the problem is not one of smuggling alone, the problem is corruption in the National Food Authority, and the sooner we file his resolution and we get to the bottom of everything that is going on in that agency, the sooner we will be serving our people's interest, makakapaglingkod tayo ng maayos. Ako po ay maghihintay ng inyong gagawing resolusyon, at ako ay naniniwala sa inyong sinseridad at ito ay gagawin ninyo sa lalong madaling panahon.

Mga minamahal namin at iginagalang na kasamahan sa Kongreso, we must all be part of this search for the reality of what is going on in our rice supply. Imagine, a country like ours—once upon a time, we were the leaders in rice production. Sa atin lang po nag-aral ang mga tiga-Thailand, dito lamang po nag-aral ang mga tiga-Indonesia, Malaysia, Taipei, even China studied our technology on rice production. Now, we are the least-producing country when it comes to rice. We are ready and willing to buy from people who even just learned from us. Sasabihin pa ng NFA, ang problema ay consumption. Dumating sana ang araw na ang Pilipino ay makakakain ng hindi nabibilaukan ng mga ganitong uri ng pananalita. Kapag ganito, hindi lamang nakakasakit ng damdamin, ito ay pag-aalipusta sa ating sentido komun. Ang bigas ay nawawala sa merkado dahil mina-manipulate ng mga mandarambong sa gobyerno.

I will await your resolution, G. Casilao, and I look forward to a productive look into the actual happenings at the National Food Authority. Congratulations on this effort on your part. As a wake-up call for everyone,

huwag nating palagpasin ang pagkakataong ito na mayroon tayong kasamahan na pumuna at ngayon ay magsisiyasat. Ang pinakamaliit na magagawa natin ay suportahan natin ang resolusyong ito at palabasin natin ang katotohanan.

Maraming salamat po, Mr. Speaker. Thank you, Mr. Majority Leader, and congratulations as we commend the Gentleman. Thank you.

REP. CASILAO. Maraming salamat, at asahan po ninyo na mahigpit po ninyo kaming kaisa sa ating hangarin na tuklasin talaga ang katotohanan, at pangalawa, maglatag ng panandalian na katugunan o resolusyon at pangmatagalan na road map o programa sa usaping ito. Gaya po ninyo, iyong pagtataka natin na habang tumataas iyong presyo ng bigas, nananatili po na napakamura ang presyo ng bilihan ng palay. Iyong mananatili sa P18 kada kilo ang bilihan ng palay habang napoproseso ito at naging bigas ay umaabot na sa ilang doble o triple ang presyuhan. Kaya kaisa ninyo po kami, at sana po ang Kongresong ito ay kaisa din natin para sa interes ng ating mamamayan.

Maraming salamat, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, at this juncture, I move that we acknowledge the presence of the guests of the House of Representatives, specifically, the Grade 10 and Grade 12 students of St. Alphonsus Liguori Integrated School from Cavite, headed by their school faculty: Ms. Apple S. Ponesto, Ms. Ma. Raiza Javier and Mr. Francis Gil Mercurio, guests of the Hon. Lord Allan Jay Q. Velasco of the Lone District of Marinduque. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The guests of Rep. Allan Velasco, please stand to be acknowledged. Welcome to the House of Representatives. *(Applause)*

The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we extend the Privilege Hour for another 30 minutes. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we recognize the Gentleman from Party-List 1-PACMAN, the Hon. Michael L. Romero, PhD, for his interpellation. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Rep. Michael Romero is hereby recognized.

REP. ROMERO. Thank you, Mr. Speaker. May the honorable Gentleman from ANAKPAWIS, Representative Casilao, accede to some questions from this Representative?

REP. CASILAO. It will be my honor, Mr. Speaker.

REP. ROMERO. Mr. Speaker, ang isa po sa mga aking tanong kay Representative Casilao regarding this NFA is, sino po ba ang makikinabang dito sa nangyayaring artificial crisis sa NFA?

REP. CASILAO. Iyon pong tanong na iyan ay mararapat na masagot kapag tayo po ay magkakaroon nang imbestigasyon pero batay po sa karanasan, Mr. Speaker, ginagawa po ang mga ganitong artipisyal na problema para magkaroon ng pakinabang ang isang sektor o grupo. Kung makikita po ninyo iyong mga circumstantial na kalagayan kung bakit binunga ng statement na ito na mayroong sinsabing NFA rice crisis, na may kakulangan ng supply, ganoon din iyong pagtaas ng mga presyo ng commercial rice. Pangalawa, binabanggit ito sa panahon tuwing anihan po—sa Pebrero, Marso, Abril—ito po iyong period kung saan mataas ang harvest. Sa tingin namin, iyong pagbabansot ng presyo ng ating palay ay isang kalakip na problema sa mga ganyan na patuloy na kinakaharap ng ating mga rice producers.

Hindi po tayo magbabanggit at magpupunto kung sino ang may sala dito. Ang nais po nating punahin, na habang pinapalitaw itong problema ng kakulangan ng supply ng NFA, binabanggit din naman ang magkatunggaling opinyon ng iba't-ibang opisyal ng Department of Agriculture at ng NFA Council. Kaya po nais natin na—ang malinaw po dito, talo tayong lahat e, iyong mga mamamayan. Sino ang makikinabang nito? Tiyak, gaya nga ng nabanggit ng ating kasamahan mula sa BUHAY Party-List, kung nagpatuloy at magpapatuloy ang gawaing korapsyon sa loob ng NFA, may mga naging pabor diyan at magiging pabor diyan. Iyong kartel sa bigas sa kasalukuyan ay nanatili, at iyong nasa likod ng smuggling, hanggang ngayon, ay hindi naman na-e-eliminate. Sa tingin ko, sila po itong nakikinabang at siyempre, kung ang gobyerno at ang policy natin ay pabor at sarado lamang sa policy of importation, definitely, ang hard-hit po niyan ay ang ating mga magsasaka, Mr. Speaker.

REP. ROMERO. Mr. Speaker, napakaganda po ng sagot kasi po dito po sa NFA, every year ang problema sa bigas ay hinaharap natin. Taun-taon na lang walang katigil-tigil ito, so, kaya ko ho naitanong kung ano ho ba ang puno't dulo nito.

Isa pa hong insight coming from this Representative is that, ito po bang problema sa acquisition ng bigas, especially itong nagkakaroon ng crisis sa bigas, kapagka ho ba nagkakaroon ng emergency artificial problem ay nagkakaroon din ho ba ng emergency bidding na or walang bidding na sinasabi o negotiated bidding. Ano ho ba ang stance ho ng ating Representative?

REP. CASILAO. Totoo po iyon, kagalang-galang na Kinatawang Romero. Nagkataon nga. Sinususpetsahan po natin ang timing dahil nga po maliban sa harvest season ngayon, nakaamba ang usapin ng papasok dapat na another volume—iyong minimum access volume na 250,000 and at the same time, iyong mga import permits sa mga private traders o private participants ay nakaamba rin.

Kaya it is inevitable and we cannot blame those who suspect na talagang nasa balangkas ito ng manipulasyon at galawan nga na gusto nating makita at gusto nating basagin.

REP. ROMERO. Yes, Mr. Speaker, ang tanong ko ho kasi dito is, ito pong puno't dulo is the negotiated bidding or no bidding na nangyayari dito sa NFA. Gawa-gawa lang ho ba itong krisis na ito kasi taun-taon ang nangyayari ay nagkukulang ang bigas natin dito sa buong Pilpinas. So, kung gawa-gawa siya, ang tanong ko nga kanina ay sino ang nakikinabang at sino ang kumikita? Kaya iyong sinagot na ni Representative Casilao, kailangan talagang i-check natin dito sa ating mga hearing.

Iyon lang ho ang aking tanong, Representative Casilao, and sana dito sa ating mga hearing na gagawin dito sa NFA ay mabusisi natin ang bidding process nitong NFA rice cartel or ito hong mga sindikato na nasa NFA. So, we are also looking forward towards your resolution at we will participate. Ito pong Representative will participate very much kasi gusto nating makita talaga ang puno't dulo.

Salamat po.

REP. CASILAO. Ako po ay sumasang-ayon doon, Mr. Speaker, na talagang kapag kino-kondisyon tayo na may urgency, dahil nga may kakulangan ng supply, hindi maiiwasan at sa karanasan, talagang sino-shortcut iyong doing away with the bidding process and favoring one party. Mangyayari po iyan kapag ito ay nagpatuloy at hindi natin mabasag. Mangyayari po iyan kapag hindi po natin makikita iyong kuntsabahan, iyong korapsyon na nangyayari pa rin sa loob ng ahensiyang iyan.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, the next Member who wishes to interpellate the Honorable Casilao is the Lady from the Second District of Nueva Ecija, the Hon. Micaela S. Violago. I move that we recognize her for the same.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Representative Violago is hereby recognized.

REP. VIOLAGO. Thank you, Mr. Speaker, and good afternoon to all.

I would like to add a manifestation regarding po doon sa ano natin kay Congressman Casilao dahil ang district ko po, ang Second District of Nueva Ecija, kami po ang number one producer ng palay at bigas. Gaya nga po ng sinasabi ng ating butihing Congressman Casilao na sa panahon pong ito ay tumataas na po ang bilihan ng palay mula sa commercial traders kaysa po sa ating NFA warehouses. Siguro po ay dahil na rin ito sa kasabihan nga pong demand and supply kung bakit po medyo naglalaro ang presyo ng ating palay at ng bigas. Sa totoo lamang po, sa akin pong distrito, hindi po kami nagkukulang ng supply ng bigas. Sa katunayan po, sa panahong ito, ngayon po ay taniman na naman ng palay. By first week or second week of March po, umpisa na naman po ng anihan, ng harvest season, kaya ito po ay tuloy-tuloy naman sa aming lalawigan. As a matter of fact po, ngayong panahong ito, ang Isabela naman po ang umaani ng palay at kumukuha din po kami sa Nueva Ecija ng palay na galing ng Isabela. Kaya kung supply naman po ng bigas ang ating pag-uusapan, sa tingin ko po ay tuloy-tuloy naman ang supply ng ating bigas. Kaya katulad po ng sinasabi ng ating Congressman Casilao, sana po ang importation ng bigas ay huwag masyadong marami po. Minsan, sumusobra pa sa kayang i-consume ng mga tao dito po sa atin. Sana po i-regulate ito para naman po makatulong tayo sa ating mga magsasaka dahil, sa totoo po, ay medyo may kamahalan ang mga abono na ginagamit ng ating magsasaka, kaya ang inyong lingkod po ay humihingi ng tulong sa ating gobyerno na sana po ay matulungan ang ating mga magsasaka hindi lamang sa free irrigation kundi pati po sa presyo ng mga abono na ginagamit nila para sa kanilang mga sakahin. Sa ganitong paraan po siguro ay bababa ang presyo ng palay, bababa ang presyo ng bigas, na alam ko po na mas marami ang makikinabang sa atin kung magiging ganito ang magiging sistema dahil mas marami po ang kumakain ng bigas kaysa sa nagtatanim po ng palay.

Iyon lamang po, Mr. Speaker. Gusto ko lang po na mai-share sa inyo kung ano ang lalawigan ko, ang Second District ng Nueva Ecija.

Muli po, maraming, maraming salamat, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES. (J.). Mr. Speaker, the next Member who wishes to interpellate the Honorable Casilao is the Hon. Elisa "Olga" T. Kho from Masbate. I move that we recognize her. I so move.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Representative Kho is hereby recognized.

REP. KHO. Thank you, Mr. Speaker. Magma-manifest lang po ako because last week, nagkaroon kami ng public consultation sa Cagayan de Oro and Bukidnon. It is a public consultation on the effect of Bt-corn among farmers. Sa public consultation na iyon, nakita namin ang kahalagahan ng mais, at sabi nga ni Secretary Manuel Piñol, i-push natin ang pagpapakain sa mga Pilipino ng combination ng mais at ng bigas—70 percent bigas and 30 percent mais.

Hindi lamang rice ang gawin nating staple food kundi pati na rin po ang mais. Kaming mga Visayan and Mindanaoans ay sanay po na kumain ng mais. Hindi lamang sa ito po ay mabigat sa tiyan kundi it has health benefit, lalung-lalo na po sa mga diabetic. It will also help our corn-producing provinces, especially our corn producer-farmers.

So, sabi nila ang combination of rice and corn ay para po sa mahihirap pero sabi nga natin, kung kulang man tayo ng bigas narito po ang corn para mag-complement sa kakulangan ng bigas dito po sa ating bansa. Dati hindi po tayo nag-i-import ng bigas at tayo po ang nag-e-export. Nowadays, tayo po ngayon ang nag-i-import samantalang mayroon po tayong corn at ang atin pong mga kababayan ay corn-eating people. So, payag po ba kayo na i-push natin ang combination of rice and corn para po maging staple food ng ating mga kababayan?

REP. CASILAO. Thank you. Mr. Speaker, ako po, ang adbokasiya po ng partidong aking kinakatawan ay pangunahin sa usapin ng food security and food sovereignty. Dapat po na pangunahing i-ensure ang food crops, at iyong food crops po ay bahagi diyan, hindi lamang po ng bigas pero kabilang na po iyong mais. Bagamat, honestly speaking, Mr. Speaker, may agam-agam po ang Kinatawang ito sa usapin ng pagkonsumo ng Bt-corn dahil mayroon pa pong mga magkatunggaling mga opinyon, mga scientific studies na hindi rin katanggap-tanggap. Pero hayaan po natin na ang usapin ng konsumo ng food crops ng ating pamilyang Pilipino ay dapat nasa pangunahing agenda ng food security and food sovereignty road map ng ating gobyerno.

Ako po ay kaisa ninyo na anuman ang rekomendasyon dito sa usapin na kinokonsumo ng pamilyang Pilipino, pangunahin po ay magmumula sa produkto ng ating lupa dahil tayo po ay sagana sa lupa. Sagana po sa lupa ang ating mga lalawigan, ang ating mga rehiyon, na magluluwal ng mga produktong kayang ikonsumo ng ating mga mamamayan and do away with the influx or iyong importasyon na sasagasa at papatay sa ating local rice producers and even local corn farmers natin, Mr. Speaker.

REP. KHO. Marami pong salamat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we refer the speech of the Honorable Casilao to the Committee on Rules for its appropriate action.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we recognize the Lady from the Party-List KABATAAN, the Hon. Sarah Jane I. Elago, to avail of the remaining time of the Privilege Hour. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Rep. Sarah Jane Elago of Party-List KABATAAN is hereby recognized.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. ELAGO

REP. ELAGO. Thank you, Mr. Speaker.

Ang buwan ng Pebrero ay buwan ng pagmamahalan—pagmamahalan ng tuition at iba pang mga bayarin sa mga eskuwelahan. Nitong unang araw ng Pebrero, isa sa mga nag-trending na hashtag ay #AyokoMagmahal dahil simula na naman ng mga konsultasyon hinggil sa pagtataas ng matrikula at other school fees. Ang #AyokoMagmahal ay bilang pagtutol ng mga estudyante sa taun-taon na di-makatarungang tuition and other school fees increase. Mr. Speaker, sa taong ito, mahigit 400 na naman na mga eskuwelahan ang nakaambang na magtaas sa tuition, nasa three percent hanggang 10 percent, at hindi pa diyan kasama ang pagtataas ng other school fees, na singtaas ng 24 percent.

Ang edukasyon ay karapatan. Education is a right. However, Mr. Speaker, with the rising cost of education, tuition and other school fees represent an obstacle to equal access to higher education and jeopardize the successful completion of studies. On the average, the cost of college education in the National Capital Region is P200,000 per year. Considering that the average annual income of a family, according to the Family Income and Expenditure Survey of 2014, is only P235,000 per annum, with the poorest decile having an annual income of P69,000, access to tertiary

education would be almost impossible for the children of these families. It does not help, Mr. Speaker, that over the same period that saw rapid increases in tuition rates, incomes have stagnated and prices of basic needs continue to rise. Tuition per unit increased three times the increase in daily minimum wage. This means that a college education is increasingly unaffordable for most students, contributing to the number of dropout and out-of-school youth.

In the interest of ensuring the right of every student to affordable and accessible education, various youth groups, student councils, campus publications, members of the academe, parents and concerned citizens formed the Rise for Education Alliance in 2014. One of the primary goals of the Rise for Education Alliance is to ensure that no unjustifiable tuition increases in schools and universities will be imposed for the academic year. Thus, the members of the Alliance actively spearhead the Tuition Monitor campaign which aims to monitor tuition increase consultations in both public and private schools throughout the country. The said consultation period is a requirement for colleges and universities which seek to increase tuition and other fees, as stated under Section 6.2 of CHED Memorandum Order 3, series of 2012: "x x x The consultation period must be completed not later than 28 February of the academic year preceding the academic year (AY) that the intended increases shall take effect."

After the prescribed period of consultations, Rise for Education compiles the reports of violations of CMO 3, series of 2012 and publishes a report which enumerates various violations committed by schools during the tuition and other fee increase consultation period. For the past years since 2014, Mr. Speaker, individual student councils of several major colleges and universities, which were also members of the Rise for Education Alliance, have decided to act upon reported violations through the filing of formal complaints before the Commission on Higher Education, following Article VI Section 12 of CMO 3-2012, which states:

> All complaints and grievances regarding increases in tuition, other school fees and new fees without the benefit of consultation shall be endorsed by the recognized and legitimate student council to the CHEDRO concerned within 30 days after consultation period.

The first complaints for the violation of CMO 3, series of 2012 were filed by the student councils of the De La Salle-Araneta University (DLSAU) and the National University (NU) on March 2014. In the DLSAU complaint, the student petitioners called on the CHED to stop the implementation of the proposed increases in tuition and other school fees noting that the DLSAU administration did not hold the consultation involving student councils for its proposed five to seven percent increase in tuition and other school fees. Similarly, the student complainants from the National University, in their separate verified complaint, reported that the NU administration also violated pertinent provisions of CMO 3, series of 2012, particularly on the notices of consultations and the lack of pertinent financial statements. Four other complaints were filed that year, Mr. Speaker, but the CHED still approved the respondent schools' proposal for tuition and other school fees increase. None of the reports or the complaints were heard and acted upon.

Ganito rin ang nangyari, Mr. Speaker, sa taong 2015, 2016 at 2017. With the yearly hikes, a student enrolled in a school in the National Capital Region will pay an average of P70,000 to P80,000 per year for tuition and other school fees. Data from the Commission on Higher Education showed that as of June 2017, only 1,710 out of 1,943 or about 88 percent of our higher education institutions are private. Hence, still a significant number of higher education students are bound to suffer the increased cost of their education if commercialization, deregulation and privatization policies remain. All these, Mr. Speaker, while annual increases in tuition and other school fees have translated to huge profits that can go as having a 58 percent gross profit margin from hundreds of millions of net income.

Bilang dating tagapangulo ng National Union of Students of the Philippines, ako po ay saksi sa mga pagdinig dito sa Kongreso kung saan ang CHED mismo ang umaamin na kulang sila ng mga mekanismo upang mahigpit na bantayan at maipatupad ang mga regulasyon laban sa mga bogus na konsultasyon, kung saan walang boses ang mga mag-aaral, ang mga magulang, ang mga faculty union at iba pang stakeholders ng paaralan. Umaabot pa po sa mga pagkakataon na sa loob ng mga konsultasyon na ito, maski lahat pa ng mga invited natin na mga stakeholder sa loob ng konsultasyon ay humindi o tumutol sa pagtataas ng matrikula ay nagpapatuloy pa rin ang nakaambang pagtaas dahil nga natuloy naman ang konsultasyon na nagiging isang mere presentation na lamang o information dissemination sa bahagi ng mga paaralan na nakaambang magtaas ng matrikula at other school fees.

Moreover, Mr. Speaker, the Commission, instead of responding to our demands, has proposed supplementary guidelines to CHED Memorandum Order No. 3, series of 2012, which introduces a TOFI framework or a Tuition and Other Fees Increase framework that considers a certain parameter of reasonableness for transparency, but to no avail because no Tuition and Other Fees Increase is justified and necessary with the deregulated nature of education under the Education Act of 1982 that has turned education into a profitable business. The supplementary guidelines also aim to come up with a list of authorized fees and only serve

to legitimize the collection of redundant, exorbitant and dubious fees, most of which are collected in substantial amounts of P1,000 up to P3,000 each, that in sum, already exceeds the total cost of tuition. Included in the list are laboratory fees, library fee, sports development fee, athletic fee, cultural fee, medical/dental fee, guidance and testing fee, written comprehensive exam fee, life-long relation fee, spiritual fee, donation fee, among other fees collected for the general student services that should already be covered by tuition. Mr. Speaker, to boot, the use of the education deflator was introduced as CHED's response to the call to junk the unjust TOFI proposals, but it has done nothing to rein in the cost of the hikes. Case in point, for academic year 2014-2015, then San Beda College implemented a hike of 15 percent which is almost thrice the education deflator of 5.79 percent. The average tuition increase for the past five years is almost double the education deflator.

Thus, we urge the Commission to not only immediately stop all tuition and other fee increases, but also stop tuition deregulation, commercialization and privatization of education. Subsequently, we call on the junking of CHED Memorandum Order No. 3, series of 2012 and its proposed supplementary guidelines as these only legitimize yearly tuition and other school fee hikes and the collection of redundant, exorbitant and dubious fees, among others. We call on our fellow legislators to pass a strong legislation to stop the skyrocketing costs of tuition and other school fees and halt profiteering from education. We must commit to fight against the global trend which makes public services profitable ventures through deregulation and privatization. We must counter the attacks of commercialization in education and prevent our youth from merely being docile and cheap labor ready for the abuse of the global market. We have been resolute in our struggle to uphold education as a fundamental human right and we will not let anyone or anything snatch away our victories, much more silence our voices. We—the students, the youth, alongside all free education and the right to education advocates—will continue our fight for a nationalist, scientific and mass-oriented system of education.

With this, Mr. Speaker, I invite our fellow legislators to support and join the students and the youth in our fight against unjust increases in tuition and other school fees yearly. Let us win back our right to education. Let us win back education as a public service that promotes equality and social justice. Bitbit ng panawagan na ito, Mr. Speaker, inaanyayahan at hinihikayat ang lahat na sumama at makiisa sa darating na February 23, araw ng pagkilos para sa ating mga karapatan, kalayaan at demokrasya.

Maraming salamat, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we refer the speech of the Honorable Elago to the Committee on Rules for its appropriate action. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we terminate the Privilege Hour.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

CONSIDERATION OF CONF. COMM. RPT.
ON H.B. NO. 6452 AND S.B. NO. 1354

REP. NOGRALES. Mr. Speaker, we are in receipt of the Bicameral Conference Committee Report reconciling the disagreeing provisions of House Bill No. 6452 and Senate Bill No. 1354.

May I ask that the Secretary General be directed to read only the titles of the measures.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.*

The Secretary General is directed to read only the titles of the measures.

With the permission of the Body, and since copies of the Conference Committee Report have been previously distributed, the Secretary General read only the titles of the measures without prejudice to inserting the text of the report in the Congressional Record.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 6452, entitled: AN ACT ESTABLISHING A NATIONAL MENTAL HEALTH POLICY FOR THE PURPOSE OF ENHANCING THE DELIVERY OF INTEGRATED MENTAL HEALTH SERVICES, PROMOTING AND PROTECTING THE RIGHTS OF PERSONS UTILIZING PSYCHIATRIC, NEUROLOGIC AND PSYCHOSOCIAL HEALTH SERVICES, AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR; and Senate Bill No. 1354, entitled: AN ACT ESTABLISHING

* See MEASURES CONSIDERED (printed separately)

A NATIONAL MENTAL HEALTH POLICY FOR THE PURPOSE OF ENHANCING THE DELIVERY OF INTEGRATED MENTAL HEALTH SERVICES, PROMOTING AND PROTECTING PERSONS UTILIZING PSYCHIATRIC, NEUROLOGIC AND PSYCHOSOCIAL HEALTH SERVICES, APPROPRIATING FUNDS THEREFOR AND FOR OTHER PURPOSES.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we ratify the said Bicameral Conference Committee Report.

VIVA VOCE VOTING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). As many as are in favor of approving the Bicameral Conference Committee Report, please say *aye.*

SEVERAL MEMBERS. *Aye.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). As many as are against, please say *nay. (Silence)*

The *ayes* have it; the Bicameral Conference Committee Report is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we proceed to the Additional Reference of Business.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General will please read the Additional Reference of Business.

ADDITIONAL REFERENCE OF BUSINESS

The Secretary General read the following House Bills and Resolutions on First Reading, and the Deputy Speaker made the corresponding references:

BILLS ON FIRST READING

House Bill No. 7135, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING CORPORATE CYBERSECURITY STANDARDS FOR BANKS, FINANCIAL INSTITUTIONS AND SECURITIES"

By Representative Gatchalian

TO THE COMMITTEE ON BANKS AND FINANCIAL INTERMEDIARIES

House Bill No. 7136, entitled:

"AN ACT DECLARING EVERY 30TH DAY OF NOVEMBER EVERY YEAR AS A SPECIAL WORKING HOLIDAY IN RECOGNITION OF JESUS REIGNS NATIONAL WORSHIP DAY"

By Representative Gatchalian

TO THE COMMITTEE ON REVISION OF LAWS

House Bill No. 7137, entitled:

"AN ACT PROVIDING FOR THE COMPULSORY COVERAGE OF ALL ACCREDITED BARANGAY HEALTH WORKERS IN THE NATIONAL HEALTH INSURANCE PROGRAM, AMENDING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 7883, OTHERWISE KNOWN AS THE 'BARANGAY HEALTH WORKERS' BENEFITS AND INCENTIVES ACT OF 1995' "

By Representative Malapitan

TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 7138, entitled:

"AN ACT DECLARING FEBRUARY 20 OF EVERY YEAR AS THE BARANGAY HEALTH WORKERS' DAY"

By Representative Malapitan

TO THE COMMITTEE ON LOCAL GOVERNMENT

House Bill No. 7139, entitled:

"AN ACT CREATING THE REGIONAL INVESTMENT AND INFRASTRUCTURE CORPORATION OF CENTRAL LUZON TO ADMINISTER THE CENTRAL LUZON INVESTMENT CORRIDOR, AND FOR OTHER PURPOSES"

By Representative Silverio

TO THE COMMITTEE ON GOVERNMENT ENTERPRISES AND PRIVATIZATION

House Bill No. 7140, entitled:

"AN ACT PROVIDING FOR THE BENEFITS AND PRIVILEGES TO PERSONS WITH DOWN SYNDROME BY CREATING AN OFFICE UNDER THE DEPARTMENT OF HEALTH AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Cuaresma

TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 7141, entitled:

"AN ACT AMENDING REPUBLIC ACT NO. 9372 ENTITLED 'AN ACT TO SECURE THE STATE AND PROTECT OUR PEOPLE FROM

TERRORISM', OTHERWISE KNOWN AS THE 'HUMAN SECURITY ACT OF 2007' "
By Representative Espino
TO THE COMMITTEE ON PUBLIC ORDER AND SAFETY

House Bill No. 7142, entitled:
"AN ACT INCREASING THE BED CAPACITY OF THE DR. SERAPIO B. MONTANER JR. MEMORIAL HOSPITAL IN THE MUNICIPALITY OF MALABANG, SECOND DISTRICT OF LANAO DEL SUR, FROM A 25-BED CAPACITY INTO A 75-BED CAPACITY, UPGRADING OF ITS PROFESSIONAL HEALTH CARE SERVICES AND FACILITIES, AUTHORIZING THE INCREASE OF ITS MEDICAL PERSONNEL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"
By Representative Papandayan
TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 7143, entitled:
"AN ACT CREATING A SEPARATE AND INDEPENDENT FOOD AND DRUG ADMINISTRATION, AMENDING FOR SUCH PURPOSE REPUBLIC ACT 3720, AS AMENDED BY REPUBLIC ACT 9711"
By Representative Atienza
TO THE COMMITTEE ON GOVERNMENT REORGANIZATION AND THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 7144, entitled:
"AN ACT AMENDING SECTION 1 AND 4 OF R.A. 10355"
By Representative Gonzales (A.D.)
TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 7145, entitled:
"AN ACT RECOGNIZING THE OBSERVANCE OF AUGUST 12 OF EVERY YEAR AS THE NATIONAL YOUTH DAY, AND FOR OTHER PURPOSES"
By Representative Elago
TO THE COMMITTEE ON YOUTH AND SPORTS DEVELOPMENT

House Bill No. 7146, entitled:
"AN ACT REQUIRING PUBLIC OFFICIALS AND EMPLOYEES TO EXECUTE A WRITTEN PERMISSION TO EXAMINE, INQUIRE OR LOOK INTO THEIR BANK DEPOSIT, AMENDING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 6713 (RA 6713) OR THE ACT ESTABLISHING A CODE OF CONDUCT AND ETHICAL STANDARDS FOR PUBLIC OFFICIALS AND EMPLOYEES, AND FOR OTHER PURPOSES"
By Representative Zarate
TO THE COMMITTEE ON BANKS AND FINANCIAL INTERMEDIARIES

House Bill No. 7147, entitled:
"AN ACT PROVIDING FOR THE ESTABLISHMENT OF BARANGAY DRUGSTORES, OTHERWISE KNOWN AS THE 'BOTIKA SA BARANGAY' "
By Representative Vargas
TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 7148, entitled:
"AN ACT REQUIRING PUBLIC TELECOMMUNICATIONS ENTITIES TO PROVIDE NATIONWIDE MOBILE NUMBER PORTABILITY TO SUBSCRIBERS"
By Representative Vargas
TO THE COMMITTEE ON INFORMATION AND COMMUNICATIONS TECHNOLOGY

House Bill No. 7149, entitled:
"AN ACT IMPROVING THE QUALITY OF REGULATION AND REDUCE REGULATORY BURDEN THROUGH THE CREATION OF A GOVERNMENT EFFICIENCY OFFICE"
By Representative Vargas
TO THE COMMITTEE ON TRADE AND INDUSTRY

House Bill No. 7150, entitled:
"AN ACT ESTABLISHING A CINEMATHEQUE IN EVERY REGION OF THE PHILIPPINES AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"
By Representative Vargas
TO THE COMMITTEE ON PUBLIC INFORMATION

House Bill No. 7151, entitled:
"AN ACT AMENDING REPUBLIC ACT 8203, OTHERWISE KNOWN AS THE 'SPECIAL LAW ON COUNTERFEIT DRUGS' TO FOSTER THE IMPOSITION OF ALL EXISTING POLICIES AND GUIDELINES, PROVIDING STIFFER PENALTIES AND SANCTIONS, AND FOR OTHER PURPOSES"
By Representative Romero
TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 7152, entitled:

"AN ACT AMENDING REPUBLIC ACT 6675, OTHERWISE KNOWN AS THE 'GENERICS ACT OF 1988', TO PROMOTE THE EXTENSIVE USE OF GENERIC DRUGS THROUGH A RATIONAL SYSTEM OF PROCUREMENT AND DISTRIBUTION, PROVIDING STIFFER PENALTIES AND SANCTIONS, AND FOR OTHER PURPOSES"

By Representative Romero

TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 7153, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING THE PHILIPPINE eHEALTH SYSTEM AND SERVICES IN THE DELIVERY OF HEALTH SERVICES WITH THE USE OF INFORMATION AND COMMUNICATIONS TECHNOLOGY AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Yap (V.)

TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 7154, entitled:

"AN ACT TO PROVIDE FOR AN ON-SITE HOUSING PROGRAM FOR TEACHERS"

By Representative Belaro

TO THE COMMITTEE ON HOUSING AND URBAN DEVELOPMENT

House Bill No. 7155, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING AN EXTENSION OFFICE OF THE LAND TRANSPORTATION OFFICE (LTO) IN THE MUNICIPALITY OF INFANTA, PROVINCE OF QUEZON AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Enverga

TO THE COMMITTEE ON TRANSPORTATION

House Bill No. 7156, entitled:

"AN ACT DECLARING POLILLO GROUP OF ISLANDS AND CAGBALETE ISLAND IN THE PROVINCE OF QUEZON A TOURISM ZONE"

By Representative Enverga

TO THE COMMITTEE ON TOURISM

House Bill No. 7157, entitled:

"AN ACT STRENGTHENING LOCAL SCHOOL BOARDS, AMENDING FOR THE PURPOSE SECTIONS 98, 99 AND 100 OF REPUBLIC ACT NO. 7160, OTHERWISE KNOWN AS THE LOCAL GOVERNMENT CODE OF 1991, AS AMENDED, AND FOR OTHER PURPOSES"

By Representative Enverga

TO THE COMMITTEE ON LOCAL GOVERNMENT

House Bill No. 7158, entitled:

"AN ACT INSTITUTING REFORMS IN LAND ADMINISTRATION, CREATING FOR THE PURPOSE, THE LAND ADMINISTRATION AUTHORITY AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Rodriguez (M.)

TO THE COMMITTEE ON GOVERNMENT REORGANIZATION AND THE COMMITTEE ON NATURAL RESOURCES

House Bill No. 7159, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING A COCONUT RESEARCH AND DEVELOPMENT CENTER IN THE PROVINCE OF QUEZON, AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Villaraza-Suarez

TO THE COMMITTEE ON AGRICULTURE AND FOOD

House Bill No. 7160, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING THE SANTOS ENCARNACION ELEMENTARY SCHOOL AS A SEPARATE AND INDEPENDENT ELEMENTARY SCHOOL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Gatchalian

TO THE COMMITTEE ON BASIC EDUCATION AND CULTURE

House Bill No. 7161, entitled:

"AN ACT REDUCING THE CAP OF RECOVERABLE SYSTEM LOSS CHARGES PASSED ON TO THE CONSUMERS BY PRIVATE DISTRIBUTION UTILITIES AND ELECTRIC COOPERATIVES AND EXEMPTING THE SYSTEM LOSS CHARGE COMPONENT FROM THE COVERAGE OF VALUE ADDED TAX"

By Representative Gatchalian

TO THE COMMITTEE ON WAYS AND MEANS

House Bill No. 7163, entitled:

"AN ACT PENALIZING THE ACT OF THROWING HARD OBJECTS AT MOTOR VEHICLES"

By Representative Fariñas

TO THE COMMITTEE ON JUSTICE

RESOLUTIONS

House Resolution No. 1674, entitled:

"RESOLUTION DIRECTING THE COMMITTEE ON DANGEROUS DRUGS TO CONDUCT AN INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, ON THE REPORTED SMUGGLING OF ILLEGAL DRUGS OFF THE COASTAL WATERS OF ISABELA AS WELL AS SIMILAR INCIDENTS IN OTHER PARTS OF THE COUNTRY"

By Representatives Alvarez (P.) and Fariñas

TO THE COMMITTEE ON RULES

House Resolution No. 1679, entitled:

"RESOLUTION EXPRESSING THE PROFOUND CONDOLENCES OF THE HOUSE OF REPRESENTATIVES TO THE FAMILY OF CARMEN 'CARMELING' PICHAY CRISOLOGO, FORMER GOVERNOR OF ILOCOS SUR AND MOTHER OF REPRESENTATIVE VINCENT 'BINGBONG' P. CRISOLOGO OF THE FIRST DISTRICT OF QUEZON CITY"

By Representatives Alvarez (P.), Fariñas and Suarez

TO THE COMMITTEE ON RULES

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fernandez). The Majority Leader is recognized.

CONSIDERATION OF H. RES. NO. 1679

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we consider House Resolution No. 1679.

May I ask that the Secretary General be directed to read only the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.*

The Secretary General is directed to read only the title of the measure.

With the permission of the Body, and since copies of the measure have been previously distributed, the Secretary General read only the title thereof without prejudice to inserting its text in the Congressional Record.

THE SECRETARY GENERAL. House Resolution No. 1679, entitled: RESOLUTION EXPRESSING THE PROFOUND CONDOLENCES OF THE HOUSE OF REPRESENTATIVES TO THE FAMILY OF CARMEN "CARMELING" PICHAY CRISOLOGO, FORMER GOVERNOR OF ILOCOS SUR AND MOTHER OF REPRESENTATIVE VINCENT "BINGBONG" P. CRISOLOGO OF THE FIRST DISTRICT OF QUEZON CITY.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fernandez). The Majority Leader is recognized.

ADOPTION OF H. RES. NO. 1679

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we adopt House Resolution No. 1679.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fernandez). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

House Resolution No. 1679 is adopted.

ADJOURNMENT OF SESSION

REP. NOGRALES (J.). Mr. Speaker, I move that we adjourn until tomorrow, Tuesday, at 4:00 p.m., February 13, 2018.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fernandez). The session is adjourned until 4:00 p.m., February 13, 2018.

It was 6:12 p.m.

* See MEASURES CONSIDERED (printed separately)

Published by the Publication and Editorial Service, Plenary Affairs Bureau
The ***Congressional Record*** can be accessed through the Downloads Center of the official website of the House of Representatives at **www.congress.gov.ph**

FLL/LTN/02132018/1545